California School DASHBOARD

Toolkit ng 2022 Dashboard

Pag-alam sa mga Lokal na Panukat

Ang California School Dashboard (Dashboard) ay isang online tool na dinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahalagang impormasyon tungkol sa kindergarten hanggang grade twelve sa mga paaralan at distrito.

Itinatampok ng Dashboard ang mga lokal na indicator (tinatawag ding mga panukat) na ginagamit ng mga local educational agency (mga LEA) gaya ng mga distrito, mga country office of education (mga COE), at mga charter na paaralan para mag-ulat ng progreso batay sa lokal na datos. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa Dashboard, bisitahin lamang ang California Department of Education (CDE) California School Dashboard at ang web page ng System of Support sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.

Mga Pangunahing Serbisyo at Kundisyon (Prayoridad 1)

Inuulat ng LEA ang impormasyong may kaugnayan sa mga maling pagtatalaga at bakanteng posisyon ng mga guro, kung ang mga estudyante ba ay may access sa mga materyal sa pagtuturo na nakaayon sa kurikulum, at kung may access ba ang mga estudyante sa ligtas, malinis, at maayos na mga pasilidad ng paaralan.

**Paunawa: Bukod pa sa impormasyong inuulat para sa Prayoridad 1, magkakaroon din ng link sa bagong mga ulat sa datos kaugnay ng pagtatalaga ng guro sa serbisyo na naka-post sa CDE website.*

Pagpapatupad ng mga State Academic Standard (Prayoridad 2)

Inuulat ng LEA ang impormasyong may kaugnayan sa paraan nito ng paghahatid ng akademikong nilalaman na ginagamit ng estado at sa mga pamantayan sa pagganap para sa lahat ng estudyante. Inuulat rin nito kung paano binibigyang-daan ng mga programa at serbisyong inilaan ng LEA ang mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles na pagbutihin ang kanilang pag-unawa sa nilalaman ng akademikong kurso at ang kanilang pagiging dalubhasa sa paggamit ng wikang Ingles.

Pakikibahagi ng mga Magulang at Pamilya (Prayoridad 3)

Inuulat ng LEA ang impormasyong may kaugnayan sa paraan ng pagtataguyod nito ng paglahok ng mga magulang sa mga programa. Kabilang na ang paraan ng pagbubuo ng mga relasyon sa pagitan ng mga tauhan ng paaralan at mga pamilya, pagbubuo ng mga partnership para mapagbuti ang mga kahihinatnan ng estudyante, at ang paraan ng paghingi nito ng tulong sa mga magulang sa pagpapasya.

Klima sa Paaralan (Prayoridad 6)

Inuulat ng LEA ang impormasyong may kaugnayan sa mga pananaw ng mga estudyante, magulang, at guro ukol sa kaligtasan at pagiging konektado sa paaralan.

Access sa Malawak na Kurso ng Pag-aaral (Prayoridad 7)

Inuulat ng LEA ang lawak ng access ng lahat ng estudyante sa at na naka-enrol sa malawak na kurso ng pag-aaral, kabilang na ang English, Mathematics, Social Science, Science, Visual and Performing Arts, Health, at Physical Education.

Koordinasyon ng mga Serbisyo para sa Pinatalsik na mga Estudyante—COE Lamang (Prayoridad 9)

Inuulat ng COE ang impormasyon kung paano nito pinagtutugma ang pagtuturo sa mga pinatalsik na mga kabataan sa mga distrito ng paaralan sa loob ng county upang matiyak na makatanggap ang pinatalsik na mga estudyante ng serbisyong pang-edukasyon na kailangan para makapagpatuloy sila sa pag-aaral.

Koordinasyon ng mga Serbisyo para sa mga Kinakandiling Kabataan—COE Lamang (Prayoridad 10)

Inuulat ng COE ang impormasyon kung paano ito nakikipagtulungan sa Child Welfare para mabawasan ang mga pagbabago sa pagtatakda ng paaralan at magbigay ng impormasyong pang-edukasyon para makatulong sa paghahatid ng mga serbisyo para sa mga kinakandiling kabataan, gayundin din para makatugon sa mga kahilingan mula sa Juvenile court system at makipagtulungan sa juvenile court para matiyak ang paghahatid at koordinasyon ng mga kinakailangang serbisyong pang-edukasyon.

Bukod pa riyan, inuulat ng COE kung paano ito nagtatatag ng isang mekanismo para sa mahusay na pagpapabilis ng paglilipat ng mga talaang pangkalusugan at pang-edukasyon at ng pasaporte para sa kalusugan at edukasyon.

Mga Pamantayan sa Pagganap para sa mga Lokal na Panukat

Ang mga sumusunod ay ang mga pamantayan sa pagganap para sa mga lokal na panukat na nakalista sa itaas. Para matugunan ang mga pamantayan para sa mga hinihingi ng mga lokal na panukat, ang mga LEA ay kailangang

- sukatin taon-taon ang kanilang progreso sa pagtugon sa mga hinihingi ng bawat prayoridad ng Local Control Funding Formula (LCFF);
- iulat ang kanilang mga resulta bilang bahagi ng isang item na walang pahintulot sa isang pampublikong pulong ng lokal na namamahalang board/samahan na regular na naka-iskedyul sa panahon ng taunang proseso ng paggamit ng Local Control and Accountability Plan (LCAP); at
- iulat ang mga resulta sa publiko sa pamamagitan ng Dashboard gamit ang mga self-reflection tool na gamit ng State Board of Education (SBE) para sa bawat lokal na panukat. Ang mga self-reflection tool ng SBE ay makukuha sa dokumentong Local Performance Indicator Quick Guide sa CDE website sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/localindquickguide2022.docx.

Kapag nakumpleto ng mga LEA ang mga hinihingi sa itaas, inuulat ng Dashboard ang lokal na panukat bilang “Natugunan ang Pamantayan”. Kapag hindi natugunan ng LEA ang mga hinihingi sa itaas, inuulat ng Dashboard ang lokal na panukat bilang “Hindi Natugunan”. Bukod pa riyan, inuulat ng Dashboard ang malawak na grupo ng datos na may kaugnayan sa pagganap ng LEA sa bawat lokal na panukat.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin lamang ang CDE Local Indicators web page sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/localindicators.asp.